

# PATOLA

Ang patola, *Luffa acutangula* ay itinatanim sa maraming lugar sa bansa. Ayon sa mga pag-aaral, ang bunga nito ay nagtataglay ng *phosphorus, calcium* at *iron*. May isa pang uri ng patola. Ito ay ang patolang kastila *(Luffa cylindrica)*. Ang balat nito ay mas makinis at ginagamit sa sponge *production*.

## PANGANGAILANGAN NG LUPA AT KLIMA

Madali lang alagaan ang patola. Maaari itong itanim sa tag-ulan man o tag-araw na may mataas na temperatura at sapat na mapagkukunan ng tubig. Para sa mas mataas na ani, itanim ito sa lupang tinatawag na lagkitang galas o buhanginang galas.

## PAGTATANIM

Ibabad ang buto magdamag bago itanim. Maglagay ng 2 buto sa bawat butas na may pagitang 2.5 x 2.5 metro. Alisin ang payat na tanim 7 araw pagkatapos tumubo.

## PAGKONTROL NG DAMO

Maaari nang magdamo 14 na araw pagkatapos tumubo ng tanim. Magdamo kung kinakailangan.

## PAGPAPATABA

| Uri ng Pataba | Dami ng Pataba (kada ektarya) | Panahon ng Pagpapa-taba | Paraan ng Pagpapa-taba |
|---|---|---|---|
| 14-14-14 | 2 sako | Sa pag-tatanim | Basal |
| Urea + 14-14-14 (1:1) | 1 sako + 1 sako | 28 araw pagkaani | Side dress |
| Urea + 14-14-14 (1:1) | 1 sako + 1 sako | 56 araw pagkatapos tumubo. Ulitin tuwing ika-14 na araw | Side dress |

## PAGPAPATUBIG

Magpatubig pagkatapos magtanim. Pasundan ng pagpapatubig minsan sa isang linggo. Diligan lamang ang tanim kung kinakailangan kapag tag-ulan.

## PAMAMAHALA NG SAKIT AT PESTE

| Insekto | Kontrol |
|---|---|
| Yellow beetle | Fipronil |
| Leaf folder | Methomyl |
| Aphids | Lambdacyhalothrin |

## PAG-AANI

Limang araw pagkatapos mabuo ang bunga *(fruit set)* ay maaari nang anihin ang patola. Gumamit ng kutsilyo at pitasin ang bunga na may 15 sentimetro ang haba ng tangkay mula sa bunga.



*Photos used are not ours. Credit to the rightful owners.*

Ito'y hango sa ginawang babasahin ng Pinoy Rice Knowledge Bank.
Inihanda ng Provincial Government of Camarines Norte sa pamamagitan ng Office of the Provincial Agriculturist.
Provincial Capitol Building, Daet, Camarines Norte
Tel. No.: (054) 721-0291
Email: opagcamnorte@yahoo.com / opagcamsnorte@gmail.com
Facebook: OPAg Camarines Norte
Website: https://opagcamnorte.com